

# Pagbalikwas sa Gitna ng Ligalig

Ulat sa Kalagayan at Karapatan ng mga Manggagawa
sa dalawang taon ni Rodrigo Duterte

## Pangkalahatang Pagtanaw

Hindi pa nakakalimutan ng taumbayan na masugid na niligawan ni Ginoong Duterte ang mahihirap sa anyo ng mga mabulaklak na pangako para sa isang gobyernong may "tapang at malasakit." Ngunit ikalawang taon pa lamang ng administrasyong Duterte, malinaw na iginuhit na nito na ilusyon lamang ang pangakong positibong pagbabago hatid ng kanyang pamamahala.

Sa halip, iwinasiwas nito ang isang komprehensibong kontra-mamamayang bigwas na ngayon ay nagdudulot ng ligalig sa buong bansa. Ang bukambibig na malasakit sa maliliit sa kanyang pagluklok sa pwesto ay napalitan ng pagmumura, mapanganib na pahayag, ng pag-alipusta sa mga dukha at maging sa Diyos upang ilihis at takpan ang papatinding kahirapan, lantarang karahasan at pamamaslang sa ngalan ng gera kontra droga, kontra-kriminalidad, kontra-insurhensya at kontra-terorismo. Sa isang banda walang pagpapanggap ang rehimen sa pangangayupapa sa dayuhan at imperyalista, sa kabila. Hinuhulma nito ang kabuuang makinarya ng estado para pagsilbihin sa pamamahalang nakasandig sa utang at dahas, sa gera kontra-mahirap, kontra kritiko at sa mga nagbabalikwas laban sa panunumbalik ng tiraniya.

Sa pinaigting na Oplan Tokhang pa lamang, nagresulta na ito sa pagpaslang sa tinatayang 13,000 katao, at 163 biktima naman ng digma kontra insurhensya, at mahigit na 26,000 hinuli at ikinulong sa bagong kampanyang Oplan Tambay.

Subalit, kaiba sa unang taon ng rehimen kung saan tangan pa rin ng maraming manggagawa ang mumunting pag-asa ng pagbabago, lumakas ang paglaban at mga protesta ng mga mamamayan lalo na sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka at maralita kasabay ng pagtindi ng kahirapan at karahasan. Ngunit hinarap ito ng rehimen sa anyo ng iba't ibang porma ng pananakot at pandarahas. Nariyan ang crackdown sa mga progresibong organisasyon; marahas at madugong

dispersal sa mga welga; pagpapatupad ng Martial Law sa Mindanao; panggigipit sa mga institusyong tumutuligsa sa pamamahala ni G. Duterte gaya ng Commission on Human Rights (CHR), Ombudsman at ang tahasang maniobra sa pagpapatalsik kay Supreme Court Chief Justice Maria Lourdes Sereno.

## Ekonomiyang Nakasalig sa Utang at Nagsisilbi sa Dayuhan

Walang pinag-iba sa mga naunang maka-dayuhang rehimen ang kasalukuyang administrasyon na sunud-sunuran sa dikta ng mga imperyalistang bansa at malalaking negosyo. Idinirehe nito ang mga neo-liberal na patakaran sa ekonomiya sa higit pang pagbubukas ng bansa sa dayuhang kapital lalo na ng China na nagagamit ito ng Estados Unidos para palakihin nito ang imperyalistang kontrol sa bansa at buong rehiyon.

Ang ipinagmamalaki ng gobyerno na Dutertenomics ay sa esensya'y pagpapatuloy lamang ng neoliberal na programa't polisiya ng mga nakaraang administrasyon. Ibinabandera ito na mag-aahon sa kahirapan at magbabawas sa disempleyo ng bansa na nakaangkla sa tinaguriang Golden Age of Infrastructure. Nasa sentro at pundasyon ng development plan nito ang Build, Build, Build (BBB) na programa ng administrasyon.

Layunin raw ng BBB na taasan ang pondong inilalaan para sa imprastraktura mula 5.4% ng Gross Domestic Product (GDP) noong 2017 tungong 7.3% sa katapusan ng termino ni Duterte sa 2022. Ito na ang maituturing na pinakamataas na alokasyon ng badyet para sa imprastraktura sa buong kasaysayan ng bansa. Aabot lamang sa 2.4% ng GDP ang karaniwang average na alokasyon sa mga nakalipas na rehimen. Kaya naman tinatayang aabot ng Php8.4 Trilyon ang target na gastusin ng gobyernong Duterte para sa imprastraktura.

Halos walang pinag-iba o mas masahol pa sa Public-Private Partnership (PPP) ni Noynoy Aquino ang BBB ni Duterte.  Pilit itong ipinatatanggap

sa mga Pilipino sa pamamagitan ng pagbandera sa mga grandyosong proyekto gaya ng mga bagong railway, highway, airport at magkakaroon pa nga raw ng unang subway sa bansa. Nakaka-engganyo ito sa unang tingin lalo pa kung hindi mo iisipin kung ano ang kapalit ng lahat ng ito.

Wala sa mga engrandeng plano ng BBB ang mga bagong paaralan, ospital, farm-to-market roads, bagong teknolohiya at iba pang pasilidad para sa agrikultura o 'di kaya ay mga pabahay para sa maralitang lungsod. Malinaw na hindi layunin ng BBB na bigyang ginhawa ang mga naghihirap na mamamayan. Kapansin-pansin na ang prayoridad nito ay hindi mga imprastrakturang mas kailangan ng nakararaming mamamayan kundi nakasentro sa komersyo at negosyo ang pondo para dito.

Ginagamit din ng gobyerno ang malubhang krisis sa trapiko at pampublikong transportasyon upang ipalunok ang mga plano para sa mga bagong kalsada at tren. Pang-akit din ang kasabay nitong pagbubukas ng libo-libong trabaho para sa mga manggagawang Pilipino, mga trabahong prekaryoso, mababang pasahod, mapanganib at pansamantala.

Subalit, tikom ang bibig ng rehimen na kasabay ng pagsulpot ng mga bagong imprastraktura ay ang ibayong paglobo ng utang panlabas ng bansa at paglobo rin ng bulsa ng mga malalaking dayuhan at lokal na kapitalista, habang pinapatay naman sa nagtaasang buwis ang mamamayan.

Ayon sa datos ng Bureau of Treasury, halimbawa, umabot na sa P6.8 Trilyon ang utang ng gobyerno noong April 2018. Umabot na sa US$73.1 billion ang utang panlabas sa pagtatapos ng 2017, mas mataas ng US$730 million. Ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas, 48.6 % o $35.1 billion nito ay utang ng pribadong sektor o mga korporasyon at indibdwal na binabalikat ng taong bayan. Noong nakaraang taon rin, nag-

bayad ng US$5.4 bilyon ang Pilipinas sa principal at interes pa lamang. Tinataya na sa susunod na 10 taon, aabot US$ 452 billion ang utang ng bansa. Ibig sabihin, sasapitin ng Pilipinas ang kaparehong sitwasyon ng Sri Lanka, kung saan 60-70% ng badyet nito ay nakalaan sa pagbabayad utang sa China kaya naman halos sapilitang pinangingibang bansa ang Sri Lankans para magtrabaho. Ganito rin ang sitwasyon ng bansang Maldives kung saan malaking bahagi nito ay kontrolado na ng China bilang bayad utang.

Kung susuriing mabuti, mas higit pang maglilingkod sa mga kapitalista ang BBB ni Duterte kaysa sa mga naunang PPP na nagpahirap na sa bayan. Tinatawag na 'Hybrid PPP' ang estilo nito kung saan ang mga proyekto ay itatayo gamit ang pondo ng mamamayan at saka ipapasa sa pribadong sektor para pagkakitaan ang operasyon nito.

Kaya naman, nagdidiwang ang mga malalaking lokal at dayuhang negosyante sa dami ng proyektong pang-imprastraktura. Ang ilan sa mga na-award nang kontrata ay napunta kina Ayala, Cojuangco-Ang, Manny V. Pangilinan at Megawide Corporation.

## Korporatisasyon ng Jeepney

Isa sa ikinakatuwa ng mga kapitalista ay ang mahigpit na isinusulong ng administrasyong Duterte, sa pamamagitan ng Department of Transportation (DOTr) na pag-phaseout sa mga jeep, sa ngalan ng modernisasyon. Iginigiit ng gobyerno sa publiko na layon ng planong ito na bawasan ang polusyong dulot ng mga lumang makina ng mga jeep. Pero ang totoo, kapitalistang interes ang nasa ubod ng programang ito. Ide-disenyo, gagawin at pagkakakitaan ng dambuhalang korporasyong Toyota at Mitsubishi Motors ang mga modernong e-jeepney, Ayala Corps naman ang isa sa napabalitang magmamanupaktura ng mga tiket at iba pang kailangan sa operasyon.

Batay sa plano, ibebenta ang mga e-jeepney sa mga opereytor/drayber mula P900 libo – Php1 milyon at P80,000 piso lamang ang `tulong'

pinansyal na ibibigay ng gobyerno sa halagang P80,000. Kaya naman imbes na matulungan ng gobyerno ang mga opereytor at drayber para iayos ang industriya ng jeep sa bansa, gagatasan pa sila habang ibinabaon sa utang.

Dalawang daang libo (200,000) mga opereytor at 600,000 drayber ang mawawalan ng kabuhayan kapag hindi napigilan ang jeepney phase-out. Kaya, mariing tinutulan ng mga drayber, opereytor at mga mananakay ang planong ito sa porma ng matagumpay dalawang (2)araw na transport strike na nagparalisa sa mga mayor na lansangan sa ibat-ibang bahagi ng bansa. Ilang linggo matapos ang mga pagkilos, ipinaaresto at ikinulong ng rehimen si George San Mateo, Secretary General ng grupong PISTON sa tangkang pahupain ang pagkadismaya ng masa subalit ang pag-aresto ay umani ng marami pang batikos laban sa jeepney modernization kahit mismo sa mga kaalyado ng Pangulo.

## Ang pagsaga ng TRAIN

Bago matapos ang taong 2017, niratsada ng mga alipores ni G. Duterte sa Kongreso ang nakamamatay na Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law. Ang TRAIN ay bahagi ng Comprehensive Tax Reform Package (CTRP) na sinasabing naglalayong isaayos ang sistemang pagbubuwis ng bansa para sa mas mabilis na pag-unlad. Binabanggit ng mga economic managers ng administrasyon, na 'pagluwag' ang dulot ng TRAIN dahil diumano 90% ng minimum wage earners ang makakapag-uwi ng mas malaking take-home pay dahil sa tax exemption. Tinawag pa nga itong 'pamaskong handog' sa mamamayan ng gobyernong Duterte.

Agad nga itong pinuri ng American Chamber of Commerce (AmCham) dahil episyente itong makakakolekta ng buwis sa mamamayan para sa proyekto ng gobyerno at bayad utang panlabas.

Subalit panlilinlang sa mamamayan ang paglalako ng ideyang magdudulot ito ng kaginhawaan sa nakararami. Una, ang dati ng minimum

wage earners ay exempted na sa pagbabayad ng income tax at hindi rin ito pakikinabangan ng mga nasa sektor impormal.
Anim na buwan mula nang ipatupad ang TRAIN, tumambad ang lasong dulot nito na ibayong nagpahirap sa mamamayan. Sumirit sa 5.2% (Hunyo 2018, PSA) na ang inflation rate ng bansa, o 100% pagtaas kumpara sa 2.5% lamang noong Hunyo 2017. Sinalamin ito ng kaliwat kanang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing pangangailangan bigas, gulay, karne, isda, delatang produkto, serbisyo at iba pa. Kaya naman labis na tinapyas nito ang halaga ng kakarampot na sahod ng mga manggagawa. Sa Valenzuela kung saan may mga manggagawang sumasahod lang ng P380 kada araw, napilitang pagkasyahin ng manggagawa sa kalahating tasang lugaw at nilagang itlog ang kanilang pananghalian ng rumagasa ang TRAIN law.

Iwas din ang rehimen na pag-usapan ang kasabay pa nitong patong-patong na mga buwis. Noong una, ang binanggit lang na papatawan ng dagdag buwis ay ang mga sweetened beverages gaya ng softdrinks at iba pang matatamis na inumin. Marapat lamang daw na buwisan ang mga ito para na rin sa kalusugan ng mamamayan.

Itinaas rin ng TRAIN ang excise tax sa mga produktong petrolyo at direktang nagtulak sa pagsirit ng singil sa kuryente at tubig liban pa sa presyo ng mga pangunahing bilihin. Mula Abril lamang 14 na beses tumaas ang presyo ng produktong petrolyo. Tumaas raw presyo nito sa pandaigdigang pamilihan. Subalit ang totoo, malaki ang papel ng TRAIN Law sa P2.80/litro taas sa diesel, P7.84/litro sa gasolina at P3.36/ litro sa kerosene na kapwa ininda ng tsuper, maliliit na operyetor at riders. Bilang palubag loob, itinaas ng piso ang pamasahe sa jeepney nitong July sa Metro Manila at karatig na lugar. Tataas rin ang pamasahe ng LRT/MRT ganoong nakapako pa rin ang sweldo ng mga manggagawa. Ang pinakamasahol, magtutuluy-tuloy pa ang pagpataw ng buwis sa langis hanggang taong 2020.

Liban sa sirit ng presyo, ginamit rin ng mga kapitalista ang TRAIN Law

para sa malawakang tanggalan sa trabaho. Halimbawa, ang Coca-Cola ay nag-anunsyo na ngayong taon na magbabawas ito ng 600 manggagawa dahil sa TRAIN Law. Ganito rin ang kaso sa PEPSI, kung saan 1,000 manggagawa ang tinanggal sa trabaho.

## I. Malala pa rin ang krisis sa trabaho

Sa sarbey ng Pulse Asia noong Marso 2018, lumabas na ang pagtaas ng sahod, paglikha ng trabaho at pagresolba ng kahirapan ang mga nangunguna sa pinakamahalagang usapin para sa mga Pilipino. Liban sa paggamit dito na batayan sa proyektong Build, Build, Build walang seryosong plano na gawing prayoridad ito ng gobyernong Duterte.

Sa datos ng Philippine Statistics Agency (PSA), tumaas ang employment rate sa 94.5 porsyento o katumbas ng 40.896 milyong Pilipino na may trabaho sa Pilipinas nitong Abril 2018. (***Table 1: Employment Situation)*** Bumaba ng 60.9 porsyento ang populasyong lumalahok sa paggawa o labor force participation rate dahil raw sa pananatili ng mga kabataan sa paaralan bunga ng pagpapatupad ng K-12 program. Kung titingnan ang datos, tila halos ng lahat ng Pinoy ay may mga trabaho, kaya lang, 27.758 milyon o 39.1% ng populasyon ang hindi ibinibilang sa pwersa ng paggawa. Kaya kung susuriin, artipisyal ang pagtaas ng bilang ng may hanapbuhay at sa huli, ang mga hindi isinama sa pwersa ng paggawa ang magiging target ng Oplan Tambay.Hindi rin isinasama sa pagkwenta nito ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa labas ng bansa kung saan ayon sa Migrante, pumapalo na sa halos 5,460 Pinoy kada araw ang umaalis ng bansa para magtrabaho.

Kalakhan ng may trabaho ay nasa kategoryang wage and salary workers (63.8% o 26 milyon), sinusundan ng self-employed (27.2% o 11.6 milyon) at unpaid family workers na nasa 5.3% o 2.5 milyon. ***(Tsart1: Employed by Class of Workers)*** Ang huli, bagamat kasama sa may trabaho ay wala rin namang dinadagdag sa kita.

Bagamat sinasabi sa estadistikang inilalabas ng PSA na lumaki ang bil-

ang ng trabaho sa bansa sa 94.5 porsyento, bigo nitong mapagtakpan ang kabiguan ng pangako ng Build, Build, Build na lumikha ng makabuluhan at regular na trabaho para sa mga manggagawa. Katunayan, sa mismong datos nito, nasa 26.6 porsyento ng kabuuang bilang ng employed nitong Abril 2018 ay elementary occupations o katumbas ng 10.87 milyon. ***(Tsart 2: Employed by Occupation)***

Halimbawa ng elementary occupation ay street vendor, construction worker, kasambahay, caretaker, pedicab driver, at iba pang impormal at pisikal na trabaho na hindi kinakailangan ng mataas na kasanayan. Ito rin ang klase ng trabahong walang permanenteng kita at hindi nagtatamasa ng proteksyong panlipunan.

- **Pansamantalang trabahong nalilikha, pantapal lamang sa nawawalan ng trabaho**

Bagamat bahagya namang nadagdagan nang 625,000 ang bilang ng Pilipinong may hanapbuhay, pantapal lamang ito sa bilang ng nawalang trabaho noong nakaraang taon. Sa datos ng IBON foundation, nasa 9.1 porsyento o 4.13 milyon ang bilang ng walang trabaho. Malayo ito kumpara sa datos ng gobyerno na 5.5% unemployment rate nitong Abril 2018 dahil hindi isinama sa kompyutasyon ng gobyerno ang mga "discouraged workers" o mga naalis sa labor force matapos na

| Philippines | April 2018 | April 2017 |
|---|---|---|
| Population 15 years above (in 000) | 71,014 | 69, 605 |
| Labor Force Participation | 60.9 | 61.4 |
| Employment Rate | 94.5 | 94.3 |
| Unemployment Rate | 5.5 | 5.7 |
| Underemployment Rate | 17.0 | 16.1 |

**Table1: Employment Situation, April 2018 Labor Force Survey**


hindi makakuha ng trabaho makalipas ang anim na buwan.

Pinakamalaki ang nawalang trabaho sa sektor ng agrikultura na pumapalo sa 6.9 porsyento o katumbas ng 723,000 trabaho. Ito ay sa kabila na pumapangalawa ang sektor ng agrikultura sa pinagmumulan ng trabaho sa bansa. Iniuugnay ng pamahalaan ang pagbabang ito sa klima na nakaapekto sa anihan, pero nagpapakita lamang ito ng kawalan ng kongkretong programa sa sektor na ito. Hindi pa isinama rito ang mga magsasaka na lumikas sa kanilang komunidad dahil sa militarisasyon.

Samantala, aabot naman sa 135,000 ang nawalan ng trabaho sa sabsektor ng agrikultura na pangingisda.

Sa ibang sarbey, halimbawa ng Social Weather Station (SWS), bumagsak sa 71.4 posyento o 45.8 milyon ang lumalahok sa paggawa na nasa hustong gulang. Bumaba rin ang kumpiyansa na dadami ang trabaho sa bansa sa loob ng susunod na 12 buwan.


Sa parehong sarbey ng SWS, lumobo sa 23.9 porsyento o katumbas ng 10.9 milyon ang dami ng walang trabaho sa first quarter ng 2018. Sa bilang na ito, 3.5 milyon ang nawalan ng trabaho. Halimbawa na rito ang PLDT, kung saan 8,000 ang natanggal sa trabaho, ganoon din sa PEPSI (1,000), Dong-In Apparel (600), Coca-cola (600), Jolibee Corp (400), SLORD (Unipak) atbp. Nagbabanta rin ang malawakang tanggalan sa Zest-O na makakaapekto sa 1,000 manggagawa.




**Tsart 1: Employed by Class of Workers**

- **Paggamit sa DO 174 at EO 51 para palalain ang tanggalan**

Tsart 2: Employed by Occupation




Pinalala pa ng ganitong aktwal at banta ng tanggalan ang paggamit ng mga kapitalista sa DO 174 at EO 51 para kunwaring biglaang i-terminate ang mga service contracts ng mga agencies na kanilang ginagamit. Sa termination, binibitbit din ng mga agencies ang mga manggagawang dumaan ang empleyo sa kanila. Hindi rin nakakatulong ang mga kautusan ng DOLE na iregularisa ang mga manggagawang dumaan sa agencies sa mga kumpanyang nagsasagawa ng ipinagbabawal na LOC ayon sa DO 174. Mga halimbawa rito ay ang Middleby Corp sa Laguna, Pearl Island, W.L. Foods, atbp.

Ginagamit rin ng kapitalista ang tanggalan para buwagin ang mga umuusbong na unyon sa mga pagawaan. Ganito ang karanasan ng SLORD (Unipak), Nutri Asia sa Bulacan, Dong-In Apparel sa Bataan, CTP mining corporation, Adnama Mining sa Surigao del Sur, Philsaga Mining sa Agusan del Norte.

Walang ngipin ang DOLE para ipatupad ang kanyang mga kautusan kaya nanatiling papel lamang ang mga regularisasyong ito. Sa Timog Katagalugan na lamang halimbawa, nasa 30,000 ang bilang ng manggagawa ang hindi pa rin nareregular bagama't mayroon nang kautusan ang DOLE. Sa ilan pang pagkakataon ay binabaligtad ng DOLE ang sariling desisyon kagaya ng ginawa nito sa 800 manggagawa ng Alaska Milk Corp.


Sa sama-samang pagkilos ng mga manggagawa at mass filing for regularization, naitulak din ang DOLE na maglabas ng listahan ng mga kumpanya na lumalabag sa LOC. (listahan ng top 20 violators) Gayunman, wala sa naturang listahan ang SM ni Henry Sy at San Miguel Corporations (SMC) na pag-aari ni Ramon Ang, na parehong kaibigan at taga-suporta ni G. Duterte. ***(Table 2: Top 20 kumpanyang nagpapatupad ng labor-only contracting)***

- **Dumarami ang bilang ng kulang sa trabaho**


Sa kabila ng pagtaas ng employment kung pagbabatayan ang mismong datos ng gobyerno, tumaas din sa 6.9 milyon ang underemployed o mga manggagawa na naghahanap ng dagdag na trabaho. Sa kabila na sa sektor ng serbisyo matatagpuan ang pinakamalaking bahagdan ng trabaho (56.4%), narito rin ang pinakamalaking bahagdan ng underemployed (47.1%). ***(Tsart 3: Employed by sector) / (Tsart 4: Underemployed by sector)*** Kalakhan ng trabaho rito ay nakakonsentra sa mga repairs ng motorsiklo at mga sasakyan, na kadalasan ay pansamantala lamang.

Pumapatak naman na 32.4 porsyento ang underemployed sa sektor ng agrikultura habang 20.5 porsyento naman sa sektor ng industriya. Lumabas din sa April 2018 Labor Force Survey ng PSA na 3.2 milyon o 52.5 porsyento ng kabuuang underemployed ay nagtatrabaho ng 40 oras pataas kada linggo. Sumasalamin ito sa mapait na katotohanang hindi nakasasapat sa pang-araw-araw na pangangailangan ang kita ng mga manggagawa, kahit pa sinasahuran sila ng minimum na sahod.

Sa madaling salita, batbat ng manipulasyon at panlilinlang ang sinasabing paglago ng ekonomiya sa ilalim ng gobyernong Duterte. Hindi nito maitatago ang lalo pang lumalaganap na kahirapang dinaranas ng mga dukha dahil sa patuloy na pagsirit ng presyo ng mga bilihin habang nanatiling hindi nakabubuhay ang sahod at bulnerable ang




Tsart 3: Employed by Sector




Tsart 4 : Employed by Sector

kalagayan ng mga manggagawa.

Mahalaga ring bigyang-diin na malaking salik ang patuloy na pagpapatupad ng K12 program sa mababang labor force participation ng mga kabataan. Higit 45 porsyento ng kabuuang bilang ng walang trabaho ay nasa edad 15-24. Umaabot naman sa 35.8 porsyento ng college level ang walang trabaho habang 43.5 porsyento ng nakatuntong ng hayskul ang walang trabaho. At kahit pa nga nakatapos ng K-12, at nagsanay sa TESDA, ang mga employer mismo ang nagsasabing hindi `employable' ang mga graduates nito dahil sa kakulangan umano ng analytical at social skills.

- **Palpak at problemadong solusyon sa kongkretong problema, at malawakang disempleyo**

Sa gitna ng mainit na batikos sa pagwawalang bahala ng rehimeng Duterte sa okupasyon at militarisasyon ng China sa West Philippine Sea, tanggalan sa trabaho, inilabas nito ang direktibang OplanTambay. Sa panahong ito, hindi na maampat ng rehimen ang masamang epekto sa bulsa at kabuhayan ng rumaragasang TRAIN law at ang lumalaking bilang ng nagpoprotesta laban dito.

Nitong Hunyo ipinag-utos ni G.Duterte na hulihin ang mga ‘tambay’


| | NAME OF COMPANY | NO. OF AFFECTED WORKERS |
|---|---|---|
| 1 | Jolibee Food Corporations | 14,960 |
| 2 | Dole Philippines Inc. | 10,521 |
| 3 | PLDT Co. | 8, 310 |
| 4 | Philsaga Mining Corp. | 6,524 |
| 5 | General Tuna Corp. | 5,216 |
| 6 | Sumi Phils. Wiring Systems Corp. | 4,305 |
| 7 | Franklin Baker Inc. | 3,400 |
| 8 | Pilipinas Kyohritsu Inc. | 3,161 |
| 9 | Furukawa Automotive Systems Phil. Inc. | 2,863 |
| 10 | Magnolia Inc. | 2,248 |
| 11 | KCC Property Holdings Inc. | 1,802 |
| 12 | Sumifru Phiippines Corp. | 1,687 |
| 13 | Hinatuan Mining Corp. | 1,673 |
| 14 | KCC Mall De Zamboanga | 1,598 |
| 15 | Brother Industries Inc. | 1,582 |
| 16 | Philippine Airlines & PAL Express | 1,483 |
| 17 | Nidec Precision Philippines Corp. | 1,400 |
| 18 | Peter Paul Phil. Corp. | 1,362 |
| 19 | Dolefil Upper Valley Operations | 1,183 |
| | | |

**Table 2: Top 20 L-O-C violators**

sa lansangan, hindi lamang sa oras ng curfew kundi kahit kailan. Ang mga tambay raw ang maaaring pagmulan ng krimen, ganoong ang kabiguan ng estadong resolbahin ang malalang kawalan ng trabaho at problema sa pabahay ang nasa sinapupunan kung bakit lumolobo ang bilang ng tambay.

Walang pinipili ang direktibang ito, hinuhuli at dinedetine kahit mga menor de edad. Ayon sa Inquirer.net, umabot na sa 26,792 ang naaaresto mula nang ipatupad ang Oplan Tambay nitong Hunyo 13. Napakabulnerable sa mga paglabag sa karapatang pantao ng direktibang ito ni Duterte. Hinuhuli ng mga pulis ang sinumang makitang nasa labas o walang suot pang-itaas sa loob ng mga masisikip at mainit na mga tirahan at komunidad. Ikinukulong ang mga inaresto sa mga nagsisiksikang kulungan na lantad sa sakit at ibat-ibang uri ng karahasan. Halimbawa na riyan si Genesis "Tisoy" Agoncillo na inaresto at ikinulong dahil nakatambay sa labas at walang suot na tshirt. Ilang araw matapos siyang arestuhin, natagpuan na lang siyang walang buhay at itinuturo ng kapulisan ang pagmamaltrato ng kapwa bilanggo. Hindi kumbinsido

ang pamilya at ang kapulisan mismo at ang kalokohang programa kontra tambay ang itinuturo ng pamilyang salarin.




**Tsart 5: Minimum Wage Vs. Family Living Wage**


Sa pagpapatupad ng mga kontrobersyal na patakarang mala- pangbarangay, nagagawang pansamantalang ilihis ng rehimeng Duterte ang atensyon ng mamamayan palayo sa mga pundamental na usapin tulad ng agawan sa teritoryo, palalang disempleyo, humihinang ekonomiya sa kabila ng BBB, lasong epekto ng TRAIN law at iba pa.

- **Tumaas daw ang GDP, sabay sa lalong pagdami ng naghihirap**

Tumaas raw ng 6.8% ang Gross Domestic Product (GDP) ng bansa, mas mababa ng konti kesa inaasahan, pero itinuturing pa ring isa pinakamasigla sa mga ekonomiya sa Asya. Kabalintunaan nito ang pagtaas din ng bilang ng mahihirap. Hindi ba't kamakailan ay naging tampulan ng batikos ang pahayag ng National Economic Development Authority (NEDA) na P10,000 sa isang buwan ang kailangan lang daw ng isang pamilyang may limang (5) miyembro para mabuhay. Hindi lamang malaking insulto ito sa mamamayang nagkukumahog na mapagkasya ang kakarampot na kita sa gitna ng nagtataasang presyo ng mga bilihin. Kahit sa sardinas, instant noodles at itlog na siyang pagkain pero pumapatay sa kalusugan ng mahihirap, ay hindi sumasapat ang P10,000 kada buwan.

Sa pag-aaral ng IBON Foundation, aabot sa P1,169 ang family living wage (FLW) kada araw ng isang pamilya na may anim (6) na miyembro. Samantalang nakapako pa rin ang sahod, sa P512 kada araw sa NCR na pinakamataas sa bansa. Kapos ito ng 56% kung ibabatay sa pangangailangan ng pamilya. Ayon din sa pamantayan ng IBON na P125 kada araw na poverty threshold, aabot sa 66 milyong Pinoy o mahigit kalahati ng populasyon ng bansa ang maituturing na mahirap. ***(Tsart 5: Minimum Wage Vs. Family Living Wage)***

Sa gitna ng walang ampat at mabilis na pagtaas ng presyo ng mga batayang pangangailangan at ang kamakailan lang na pagtaas ng pamasahe sa dyip, hindi naman tumataas ang kita at sahod ng ordinaryong Pilipino. Sarado ang gobyerno sa kahilingan ng mga manggagawa na itaas sa nakabubuhay na pamantayan ang minimum wage sa bansa. Mabilis ang reaksyon ng Malacanang nang maghain ang mga progresibong mambabatas at militanteng grupo ng panukalang batas para itaas sa P750 ang pambansang minimum at buwagin ang mapagsamantalang regional wage board na nagsisilbing instrumento sa pambabarat sa sahod sa iba't ibang rehiyon. ***(Table 3: Minimum Wage per Region)***




**Tsart 7: Percent Distibution og Persona who are not in the Labor Force**

Kabalintunaan ang sinabi ni Harry Roque, tagapagsalita ni G. Duterte, na imposible ang pagpapatupad ng P750 pambansang minimum na sahod. Lalong higit na walang batayan ang pagtutol ng mga economic managers ng administrasyon dahil magreresulta raw ito sa

**Table 3: Nominal VS Real Wage per Region**

**Summary of Current Regional Daily Minimum Wage Rates**
**Non-Agriculture, Agriculture**
**(As of June 2018)**

| Region | Non-Agriculture | | Agriculture Plantation | | Agriculture Non-Plantation | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Nominal Wage | Real Wage | Nominal Wage | Real Wage | Nominal Wage | Real Wage |
| NCR | P512 | P348.30 | P475 | P323.13 | P475 | P323.13 |
| CAR | P300 | P198.68 | P270 - P300 | P198.68 | P300 | P198.68 |
| I | P310 | P209.74 | P265 | P179.30 | P265 | P173.21 |
| II | P340 | P210.92 | P320 | P198.51 | P320 | P198.51 |
| III | P380 | P245.16 | P350 | P225.81 | 334 | P215.48 |
| IV-A | P400 | P265.43 | P370 | P245.52 | P356 | P236.23 |
| IV-B | P300 | P193.42 | P300 | P193.42 | P300 | P193.42 |
| V | P290 | P176.72 | P290 | P176.72 | P290 | P176.72 |
| VI | P365 | P198.10 | P281 | P172.38 | P271 | P166.26 |
| VII | P366 | P227.47 | P348 | P216.28 | P348 | P216.28 |
| VIII | P305 | P179.41 | P275 | P161.76 | P275 | P161.76 |
| IX | P296 | P173.10 | P283 | P165.50 | P283 | P165.50 |
| X | P338 | P201.31 | P326 | P194.16 | P326 | P194.16 |
| XI | P340 | P204.45 | P335 | P201.44 | P335 | P201.44 |
| XII | P311 | P185.12 | P290 | P172.62 | P290 | P172.62 |
| CARAGA | P305 | P176.91 | P305 | P176.91 | P305 | P176.91 |
| ARMM | P280 | P155.99 | P270 | P150.42 | P270 | P150.42 |

*SOURCE : National Wages and Productivity Commission - DOLE*



# Atake sa kabuhayan at karapatan ng mga manggagawa sa ilalim ni Rodrigo Duterte

## KRISIS SA TRABAHO

**94.5% o katumbas ng 40.896 milyong Pilipino** na may trabaho sa Pilipinas nitong Abril 2018 ayon sa PSA pero **27.758 milyon o 39.1%** ang hindi isinasama sa pwersa ng paggawa

**625,000** ang nadagdag na hanapbuhay pero pantapal lang ito sa laki ng nawalang trabaho noong nakaraang taon.

**723,000** ang nawalan ng trabaho sa sektor ng agrikultura; 135,000 naman sa pangingisda

**9.1% o mahigit apat na milyon** ang unemployed ayon sa IBON Foundation. Mas mataas ito sa 5.5% tala ng gobyerno dahil hindi isinasama sa kompyutasyon ang mga discouraged workers

**6.9 milyong Pilipino ang undermployed** o mga naghahanap ng dagdag na trabaho para sa dagdga na kita. Pinakamalaki ang bilang ng underemployed sa sektor ng serbisyo ( 56.4%)

**5,460 OFW** ang umaalis para magtrabaho sa ibang bansa

## LAGANAP NA KAHIRAPAN

Sumirit sa **5.6% ang inflation rate ng bansa** (Hunyo 2018), 100 porsyentong pagtaas kumpara sa 2.5% noong 2017

66 milyong Pilipino ang mahirap kung pagbabatayan ang pamantayan ng IBON na P125 kada araw na poverty threshold

Lalong tumaas ang presyo ng mga bilihin mula nang ipatupad ang dagdag pahirap na TRAIN Law. Kukunin sa kikitain mula sa dagdag na buwis ang pondo sa neoliberal na proyektong Build, Build, Build.

## MABABANG SAHOD


**26 milyon** ang itinuturing na

**P512** pinakamataas na minimum wage (NCR); P280 pinakamababa (ARM)

**P348** tunay na halaga ng minimum wage sa NCR

**P1,169** **FAMILY LIVING WAGE** O kinakailangang halaga kada araw ng pamilyang may anim na miyembro

## DISKRIMINASYON SA KABABAIHANG MANGGAGAWA



**7 sa 10** na hindi kasama sa lakas paggawa ay kababaihan



**53.7% ng 2.3 milyon OFW** ay babae na kadalasan ay nagtatrabaho bilang domestic helper

**99,180** lamang sa 1.9 milyong kababaihang manggagawa ang kasapi ng unyon o 5.3% lamang noong 2016

## ATAKE SA UNYON AT KARAPATAN SA PAGGAWA

**30 biktima ng extrajudicial killings** sa hanay ng mga manggagawa

**577 lider-unyonista at manggagawa** ang sinampahan ng gawa-gawang kaso dahil sa kanilang paniniwala at prinsipyo

**32 kaso ng union-busting** kung saan 10,107 manggagawa ang apektado

**3,209 biktima** ng **red-tagging;** kabilang ang sapilitang pagpapasuko sa kanilang bilang miyembro o taga-suporta ng rebeldeng **grupo;** Nagagamit din ang Martial Law sa Mindanao laban sa mga unyonista

CLOSE

**14, 303 tinanggal sa trabaho** dahil sa retrenchment, closure o mas lay-off

**80 namatay** dahil sa aksidente sa trabaho

**DO147 at EO 51** parehong instrumento ng gobyerno at kapitalista para lalong ipagkait sa manggagawa ang seguridad sa trabaho

pagkalugi ng mga negosyo at pagbagsak ng ekonomiya. Sa pag-aaral ng IBON, lumalabas na 29 porsyento lamang ang mababawas sa tubo ng mga kapitalista kapag naipatupad ang P750 na sahod o katumbas lang din ito ng 20 porsyentong kabuuang kita ng sampung pinaka-mayayamang Pilipino.

- **Mas mabigat na pasanin para sa kababaihan**

Hindi lamang ang TRAIN ang lubhang nagpabigat sa pasanin ng mga kababaihan kundi ang takot na maging biktima ng Oplan Tambay ang kanilang mga anak o asawa.

Mistulang ginawa ring tambay ng gobyerno ang kababaihan nang 69.3% ng mga itinuturing na Not in the Labour Force o 7 out of 10 ng 27 milyong populasyon ng bansa ay mga kababaihan. (PSA, Enero 2018) Dito pa lamang, inaalisan na ng karapatan at oportunidad ng estado ang kababaihan na makapaghanapbuhay kaya napipilitan silang umasa sa miyembro ng pamilyang naghahanapbuhay o 'di kaya naman ay mangibang-bansa. Sa 2.3 milyong Overseas Filipino workers, 53.7 porsyento ay mga kababaihan na kadalasan ay nasa gawaing pambahay (domestic helpers).

Ganito rin ang kalagayan ng mga karamihang kababaihan na kabilang sa unpaid family work samantalang gumagampan sila ng napakahalagang gawain ng pangangalaga sa mga bata, maysakit at mga matatanda.

Higit din ang represyon sa mga kababaihan sa loob ng mga pagawaan. Maliit ang bilang ng representasyon ng babaeng manggagawa sa unyon. Sa 1.9 milyong kabuuang bilang ng manggagawa, 99, 180 lamang sa kanila ang miyembro ng unyon. Mula sa 14.3 % ng kababaihang manggagawa na kabilang sa unyon, dumausdos pa ito sa 5.3 % noong 2016.

**Table 3: Documented Trade Union and Human Rights Violations (Civil and Political Rights) June 2016 - June 2018**

| Case Title | No. of Cases | No. of Victims |
|---|---|---|
| Extra-Judicial Killings | 24 | 30 |
| Frustrated/Attempted Killings | 4 | 10 |
| Massacre | 2 | 7 |
| Physical Assault/Injuries (including mauling) | 9 | 63 |
| Red Tagging/Red Baiting | 13 | 2309 |
| Arbitrary Arrest/Detention | 13 | 135 |
| Rape | 1 | 1 |
| Abduction | 2 | 2 |
| Fabrication of Criminal Charges due to Political Beliefs and Aspiration | 20 | 577 |
| Assault in the Picketline | 9 | 2199 |
| Breaking-up/Violent Dispersal of Worker's Picketline | 9 | 2198 |
| Food Blockade | 2 | 383 |

## II. Hindi naglulubay na atake sa karapatan ng mga manggagawa at unyon

Sa gitna ng sumisirit na presyo, rumaragasang kontraktwalisasyon at tanggalan, nagpapatuloy pa rin ang pag-atake sa karapatang pantao ng mga manggagawa, komunidad, at mga lider-obrero. Determinado ang rehimeng Duterte at ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na wakasan ang rebelyon ng CPP-NPA-NDFP sa buong kapuluan sa pagtatapos ng 2018. Walang natatanging sector ang hindi apektado sa kampanyang ito.

- **30 Biktima ng Pamamaslang sa dalawang taong pamamahala**

Mula Hulyo 1, 2017- June 30, 2018, 12, isa kada buwanang biktima ng extra-hudisyal na pamamaslang sa hanay ng mga manggagawa, manggagawang bukid at maralita. Sa kabuuan 30 na ang biktima sa sector paggawa, hindi kasama dito ang drug-related extra judicial kill-

**Table 4: Documented Violation of the Right to Freedom of Association and Collective Bargaining (June 2016 - June 2018)**

| Case Title | No. of Cases | No. of Victims |
|---|---|---|
| Non-recognition of Union | 1 | 500 |
| Union-busting | 32 | 10 107 |
| Harassment of Unionist in the workplaces | 15 | 251 |
| Interference of Union Affairs | 3 | 641 |
| **Collective Bargaining Agreement Violation and Issues** | | |
| Non-implementation of CBA | 2 | 852 |
| Bargaining in Bad Faith/Refusal to Bargain | 10 | 320 |

ings. Mas mataas ito kumpara sa 26 na napaslang sa kabuuang anim (6) na taon ni dating Pangulong Benigno Aquino.

Noong July 12, 2017, pinaslang si Francisco "Ka Antet" Guevarra habang naglalakad sa 9th Ave, sa Caloocan City. Barangay Chairman ng Brgy 106 si Guevarra sa nasabing siyudad at shop streward at unyonista ng Gabay ng Unyon sa Telekomunikasyon ng mga Superbisor sa PLDT (PLDT-GUTS) na siya ay mapaslang. Ayon sa pamilya ni Antet, nasa high-value target ng Northern Police District sa anti-illegal drugs si Guevarra dahil lamang sa hindi pagsusumite ng mga pangalan ng mga drug personalities sa kanyang nasasakupang barangay. Wala sa kanilang lugar ang gumagamit o nagbebenta ng iligal na droga at kung meron man, ay hindi taga-Barangay 106, dagdag din ng pamilya.

Nasundan ang mga patayan sa iba't-ibang panig sa Pilipinas tulad nina; Reneboy Magayano (September 18, 2017, Chairperson ng Maragusan Workers Association sa Maragusan, Compostela Valley), Edwin Pura (October 25, 2017- dating transport leader ng PISTON sa Sorsogon), Apolonio Maranan (Sept 17, 2017, labor organizer at local coordinator ng Anakpawis Partylist sa Buhangin, Davao City), Flora Jemola (December 21, 2017, Chairperson ng NFSW sa Sagay City Negros Occidental), Ronald Manlanat (Pebrero 22, 2018- member ng NFSW at sugarworker

sa Hacienda Joefrad sa Sagay City)

Apat na manggagawang bukid naman ang minasaker at isa ang sugatan habang nag-aani sa plantasyon ng tubo, sa Barangay Napacao, Siaton, Negros Oriental noong Pebrero 2. Ang mga napaslang ay sina Jessebel Abayle, 34 anyos; Carmelina Amantillo, 57; Consolacion Cadevida, 66; Felimon Molero, 66. Samantalang sugatan naman si Lito De Jesus, 28 anyos. Pawang mga manggagawang-bukid sa asyenda na pagmamay-ari ni Gaspar Vicente at miyembro ng Task Force Mapalad ang mga biktima.  Kinilalang mga security guard ng Nico Security Agency, na siyang nagbabantay ng asyenda ng nasabing panginoong maylupa ang mga salarin. Ipinetisyon  ng manggagawang bukid ang hacienda para maging bahagi ng repormang agraryo noong 2016.

Makalipas lamang ang isang araw (Pebrero 22), pinagbabaril naman gamit ang ripleng M16 ng mga di kilalang mga tao si Ronald Manlanat, 30, manggagawang-bukid at miyembro ng National Federation of Sugar Workers (NSFW) sa Sagay City, Negros Occidental. Ayon sa NFSW, walang ibang dahilan ng pagpaslang kay Manlanat kundi ang pagiging aktibo sap ag-oorganisa at pagtulong sa kapwa nya manggagawang-bukid sa tubuhan sa Hacienda Joefred at karatig na purok sa nasabing bayan. Gayundin ang pagbabanta dahil sa pagkahok niya sa kampanya sa sama-samang bungkalan kaalinsabay ng panawagan para sa implementasyon ng repormang agraryo.

Kamakailan lamang ay ibinigay na ang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa mga manggagawang-bukid sa nasabing hacienda, na matagal na rin nilang ipinaglaban at isa si Manlanat sa mga benepisyaryo nito.

- **Pag-aresto at pagsasampa ng gawa-gawang kaso**

Noong Enero 31, inaresto ng walang warrant si Rafael "Ka Raffy" Baylosis ng CIDG sa Katipunan Avenue sa Quezon City  kabilangsi Roque Guillermo na kasa-kasama ni Baylosis noong araw na yon. Ayon sa pahayag

ng mga pulis na umaresto kay Baylosis, inaresto umano si Baylosis dahil may baril sa baywang nito at na nakalagay sa bitbit nitong (Baylosis) red rice. Itinanggi ito ni Baylosis. Kilala si Ka Raffy bilang consultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan at dating Vice Chairperson for Political Affairs ng Kilusang Mayo Uno (KMU).

Noong Pebrero 22, dinukot ng nagpakilalang mga pulis ang manugang ni Baylosis, na si Marklen Maojo Maga habang siya ay naglalaro ng basketball kasama ang mga kapitbahay sa Colorado st. Greenland New Townhomes sa San Mateo, Rizal. Isinakay sya sa isang van at piniringan ang kanyang mga mata at dinala sa Camp Crame. Sa pagtatanong ng pulis, sinabi nila na si Maga ay sangkot sa isang insidente ng pagpaslang sa Agusan Del Sur, lugar na hindi pa narrating ni Maga kahit sa isang beses lamang. Si Maga ay isang labor organizer ng KMU at PISTON.

Inaresto rin ng mga pulis at militarnoong Marso 29 si Ruby Lacadman, organizer at myembro ng KADAMAY sakanyang bahay saBrgy. Cacutud,Mabalacat, Pampanga. Gamit ang depektibong warrant of arrest sa kasong murder na inilabas ng RTC 6th Judicial Regional Branch 60 sa Cadiz, Negros Occidental inaresto si Lacadman. Nakapangalan kay “Ruby Palabrica y Quitason” at hindi kay Lacadman ang nasabing warrant.

Pareho rin ang sinapit ni Juan Alexander Reyes na dinukot PNP-CIDG at ikinulong noong Hunyo 2 naman ay dinukot at ikinulong sa Camp Crame. Ayon sa pamilya ni Reyes, may kinasuhan si Reyes ng arson sa Agusan del Sur at illegal possession of firearms sa Quezon City. Si Reyes ay isang unyonista, lider ng Samahan ng Manggagawa sa Quezon City at isa sa convenors ng Defend Job Philippines. Bago siya maaresto, pinangasiwaan ni Reyes ang strike vote sa Pearl Island Commercial Corporation.

Sa CALABARZON naman, naglabas ng subpoena ang provincial prose-

cutor ng Laguna noong Pebrero 5 para sa 26 katao dahil sa umano'y engkwentro ng NPA at Philippine Army/CAFGU sa Majayjay, Laguna noong Mayo 14, 2017. Kabilang sa binigyan ng subpoena ang lider-obrero na si Esteban "Steve" Mendoza, Vice President ng Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture-Kilusang Mayo Uno (OLALIA-KMU) at paralegal staff na sina Robert Nievera at Rudy Bella, Henry Halawig ng Banzuela Law Office at Lito Amarante, transport organizer ng PISTON sa Southern Tagalog. Kilala silang mga tagapagtaguyod ng karapatang pangmanggagawa at humawak ng kaso ng regularisasyon ng mga manggagawasa mga korporasyong multinasyunal kabilang ang Coca-cola, Nexperia (NXP), Fuji Electronics, Takata, Honda Parts, Proctor and Gamble (P&G), at iba pa.

- **Pagpapasuko bilang rebelde, pananakot at red aiting sa mga manggagawa sa plantasyon**

Sa Compostela Valley,pinuntahan at nagbahay-bahay ang Bravo Company ng 66th Infantry Battalion ng Philippine Army (IBPA)ang mga residente ng Brgy, San Miguel, Osmena at Siocon, upang hanapin ang mga miyembro ng unyon sa ilalim ng KMU. Karamihan ng nakatira sa nasabing barangay ay nagtatrabaho sa plantasyon tulad ng Sumifru at dating manggagawa ng nagsarang Freshmax at Shin Sun Tropical Fruits. Ayon sa panayam sa mga manggagawa, pinapasuko ng militar at pinapalinis ang pangalanng lahat ng miyembro ng unyon ng KMU, kung hindi sila ay papatayin.

Isa sa pinakamatinding hinarass ay si Alma Abrahan, Pangulo ng isa sa unyon sa Sumifru. Pinuntahan si Abrahan sa kanilang bahay ng mga nagpakilalang taga-National Intelligence Coordinating Agency (NICA). Pinapasuko ng NICA si Abrahan dahilkabilang ang kanilang unyon KMU at linisin ang pangalan bilang tagasuporta ng NPA.Kasama ni NICA angBrgy Capt na si Romeo Aquino na nagbanta ng maramihang pag-aresto at pagpatay kung di sila susuko. Muli siyang pinuntahan sa bahay at pinaratangan na ang kanyang panganay na anak na miyem-

bro ng NPA. Napilitan si Alma na umalis at lumipat ng ibang bahay dahil banta sa kanyang pamilya. Iniuugnay ng mga manggagawa na ang militarisasyon na na buwagin ang mga unyon sa mga nasabing plantasyon na naglunsad ng matagumpay na welga laban sa piece-rate sa nakaraang taon.

- **Marahas na pagbuwag sa welga ng mga manggagawa**

Noong Abril 2, 2018 marahas na binuwag ng PNP Davao sa pamumuno ni Supt. Alexander Tagum, ang welga ng mga manggagawa ng Coca Cola Davao kung saan 10 manggagawa ang inaresto. Tanging kahilingan ng mga manggagawa na ibalik ang 70 manggagawang tinanggal sa kabila ng matagal naserbisyo sa nasabing multinasyonal na korporasyon. Kinasangkapan rin ng pulis at military ang Martial Law para buwagin ang welga sa Coke Davao.
Kilala si Tagum nang pamunuan niya ang marahas na dispersal at pamamaril sapagkilos ng mga magsasaka sa Kidapawan, North Cotabato noong Abril 2015. At sa kabila ng madugong rekord ni Tagum kinuhasiya ni Davao City Mayor Inday Sara Duterte-Carpio para pamunuan ang pulisya sa nasabing siyudad.

Noong Hunyo 14, 2018, marahas ding binuwag ang welga ng mga manggagawa sa Nutriasia sa Marilao, Bulacan laban sa tanggalan at panawagang regularisasyon.Mahigit sampu ang sugatan at 23 ang inaresto na nagbunsod sa ibat-ibang sector para ipanawagan ang Boycott Nutri Asia. Kilala ang kumpanya sa produkto nitong Datu Puti Vinegar at Soy Sauce, Golden Fiesta, UFC, Mafran atbp. Pinapasahod lamang ng P380 kada araw sa kabila ang malaking kita ng kumpanya.

Ilang beses din hinarang ang pagkain at suporta sa isinigawang sitdown strike ng 131 na mga manggagawa ng Middleby Philippines Inc. sa Laguna Technopark sa Binan, Laguna nang magsimula ito noong Mayo 10, 2018. Binuwag ng pinagsanib na pwersa ng PNP-Binan at mga gwardya ang protesa noong Hulyo 3 kung saan pito (7)mang-

gagawa ang naaresto. Isinagawa ang sitdown strike laban sa usapin ng pagtanggi ng management ng Middleby na kilalanin bilang regular ang mga nagpoprotestang mga manggagawa alinsunod sa kautusan ng DOLE.

Tumitindi rin ang paniktik at kampanya ng militar laban sa union. Sa Coca-Cola halimbawa, isang Tom Garcia, ahente ng militar ang nagsasagawa ng mga anti-unyong seminar kasabawat ang manedsment.

## III. Pananalasa sa Karapatang Sibil at Pulitikal

### Kontra-Maralitang Oplan Tokhang

Kaliwat kanang pagbatikos ang tinamo ng G Duterte sa kanyang malupit na Gera kontra Droga. Ayon sa tala ng PNP, 23,518 ang tinatawag "Homicide cases under investigation" mula July 1, 2016 hanggang June 11, 2018 o katumbas ng 33 katao ang pinapatay sa isang araw. Samantalang 4,629 naman ang sinasabing "nanlaban" at napatay sa mga anti-drug police operation.

Araw-araw, mayroong napapabalitang napapaslang at hindi na masundan ng publiko ang eksaktong bilang ng mga biktima. Kahit mga menor de edad ay hindi pinapalagpas ng bangis ng kapulisan tulad na lamang ni Kian delos Santos, 17 anyos na diumano'y napatay sa isang engkwentro sa Caloocan na napatunayang pawang kasinungalingan. Sinindihan ng pagpaslang kay Kian, ang dating kiming pagkundena sa kampanya at napalitan ng mga malakas na protesta laban sa gera kontra droga sa loob at labas ng bansa.

Katunayan, sa isang artikulo ng Japan Times, itinuring na ang Pilipinas bilang "Murder capital of Asia" dahil sa walang tigil na patayan, kabilang ang mga matataas na pinuno ng mga siyudad at bayan sa bansa.

Pinakahuling biktima ng kampanyang kontra droga ito ay ang apat(4) na taong bata na si Skyler Abatayo, na namatay matapos tamaan ng

ligaw na bala sa isang operasyon ng pulis sa Cebu.

Habang patuloy ang pagtugis ng kapulisan sa mga residente na pinaniniwalaang user at pushersa mga maralitang komunidad sa bansa, pinawawalang sala namanang mga kilalang malalaking drug lord. Noong Marso 2018 halimbawa, pinawalang sala ng Department of Justice (DOJ) sa ilalim ni Sec. Aguirre, ang ilang nadakip na prominenteng drug lord gaya nila Kerwin Espinosa, Peter Lim at Peter Co. Hindi raw matibay ang ebidensyang naisampa laban sa kanila ng PNP na inalmahan ng taong bayan. Kaya para pahupain ang galit ng mamamayan, pinagbitiw ng G Duterte si Sec Aquirre sa pwesto. Subalit nitong Hulyo 15, napabalitang inaalok ng PNP ng police protection ang pinakawalang hinihinalang drug lord, gayong kagyat na tinutugis ang mga 'suspek na tulak ng droga' sa mga maralitang komunidad.

## Gera Kontra Kritiko at tiranikong konsolidasyon

Sa layunin ng rehimeng Duterte na panatilihin ang neoliberal na kaayusan ng ekonomiya, kinokonsolidarin niya ang kanyang kapangyarihan na nakasandig sa lakas ng kapulisan at military. Kaalinsabay nito, inilunsad ng Malacanangang giyera kontra sa mga kritiko kasama na ang pagpapahina sa mga demokratikong institusyon ng gobyerno na kritikal sa istilo ng kanyang pamamahala.

Halimbawa, matagumpayna napatalsik si Chief Justice (CJ) Ma. Lourdes Sereno ng Supreme Court (SC) sa pamamagitan ng quo warranto petitionna isinampa ng mga alyado ng administrasyon. Taliwas ito sa isinasaad ng batasna sa impeachment trial lamang maaaring mapatalsik ang isang CJ. Sa pagkatanggal na ito ni CJ Sereno sa Korte Suprema, tuluyan nang naging kontrolado ni G. Duterte ang tatlong sangay ng gobyerno, Kongreso, Korte at ang Ehekutibo at tila wala ng makakapigil sa panunumbalik ng diktadurya. Pilit na natatakpan ito ng galit lalo ng mga kababaihan, sa pahayag na walang kakayahan ang kababaihan na maging punong hukom o maging pinuno ng hukuman. Panay din ang patutsada at panggigipit ni Duterte kay Ombudsman Conchita Carpio

Morales at sa Commission on Human Rights, dalawang institusyong kapwa kritikal sa korapsyon at mga paglabag sa karapatang pantao ng administrasyon.

Bago ito, nagpasya si G Duterte na alisin ang Pilipinas sa pagiging kasapi ng International Criminal Court (ICC) sa pagtatangkang iwasan ang kasong nakasampa rito. Ayon sa mga eksperto, kahit pa bumaklas ang bansa, hindi nito mapipigilan ang paglilitis kay G Duterte kaugnay ng libo-libong napaslang sa gera kontra droga,dahil isang taon pa ang hihintayin bago maging epektibo ang resignasyon. Bukod sa ICC, makailang beses ding nagpanukala si G Duterte na bumaklas sa UN o buwagin mismo ang UN at magbuo ng panibagong pandaigdigang samahan ng bansa. Nagpaulan ito ng mga maanghang na salita laban sa mga personalidad ng UN at katunayan, isinama sa inaakusahang komunista at terorista ang Special Rapporteur at kilalang personahe sa international community.

**Walang kahalintulad na atake sa Simbahan**

Hindi rin pinalagpas ng administrasyon ang mga taong simbahan. Isa sa pinag-initan nito si Sr. Pat Fox, 71-taong gulang na Australyanong misyonaryo na nagsisilbi sa hanay ng mga magsasaka sa bansa ng 27 taon. Inamin ni G. Duterte na siya mismo ang nag-utos na hulihin si Sr. Pat Fox dahil sa pakikisangkot diumano nito sa mga pulitikal na gawain.

Sunud-sunod din ang pinaslang sa hanay ng mga taong simbahan. Noong Disyembre 3, 2017, pinaslang si Pastor Lablito Quina inakusahang NPA ng pinaniniwalaang mga elemento ng military sa Mindoro. Kinabukasan, Disyembre 4, pinaslang si Fr. Tito Paez ng Nueva Ecija matapos tumulong sa pagpapalaya sa isang bilanggong pulitikal. Sumunod si Fr. Mark Ventura, isang anti-mining advocate na binaril noong Abril 29. Pinakahuli, si Fr. Richmond Nilo ng Cabanatuan na pinatay noong Hunyo 10 lamang. Liban sa pahayag na iimbestigahan ang mga insidente, ibinalik ng Malacanang ang atake sa anyo ng mga pahayag na diumano'y may mga bawal na relasyon na kinasangkutan ang mga

pari. Ang tagapagsalita ng rehimen, na si Harry Roque, bumabalik daw ang bansa sa kasaysayan ng sabwatan ng simbahan at mga komunista para tuligsain ang gobyerno.

**Pag abandona sa usapang pangkapayapaan at pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal**

Samantala, tuluyan nang tinuldukan ng administrasyong Duterte ang pagkakamit ng kapayapaan. Noong Nobyembre, magkasunod nitong inilabas ang Proclamation 360 at 374 na nagkakasenla sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at ng Communist Party of the Philippines-New Peoples Army-National Democratic Front of the Philippines (CPP-NPA-NDF). Idineklara rin ang grupo sampu ng mga sinasabing prenteng organisasyon nito, mga kasapi at tagasuporta na mga terorista at iniutos na hulihin ang mga pinalayang NDF Consultants. Dawit din sa pag-akusang komunista / terorista ang iba pang indibidwal at organisasyong kritiko sa mga gerang iwinawasiwas ng rehimen at pagtindi ng militarisasyon sa mga lugar na itinuturo ni G Duterte na balwarte ng mga kaliwa gaya ng mga komunidad ng magsasaka at katutubo sa kanayunan, lalo na sa Mindanao. Ito rin ang mga tukoy na lugar ng administrasyon para sa pagbubukas ng mga bagong sonang enklabo o economic zones sa sektor agrikultura at ekspansyon ng plantasyong kontrolado ng mga multinational corporations o MNCs.

Hinuli at kasalukuyang nakakulong pa rin ang NDFP Consultant na si Rafael Baylosis, sa kabila ng utos ng korte na dapat na siyang palayain. Kasunod nito ay nagdeklara rin ito ng crackdown sa mga itinuturing nitong Kaliwa. Naglabas ito ng listahan ng 600 indibidwal na gustong ipadeklarang terorista sa mga korte. Karamihan sa mga ito ay aktibista at mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao. Iligal na inarestorin sina Maoj Maga at Alexander Reyes na kapwa organisador ng unyong Kilusang Mayo Uno na sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal.

Sa Mindanao, bagama't matagal nang idineklarang cleared ang Marawi mula sa mga terorista ay pinalawig pa rin ang Martial Law sa buong

isla. Sa katunayan, ginagamit ang Martial Law para tugisin diumano ang mga rebeldeng NPA na nagresulta sa malawakang paglikas at dis-lokasyon lalo ng mga katutubong komunidad. Puspusan ring isinulong ang programa kontra-insurhensyang Oplan Kapayapaan at sapilitang pagpapalayas sa mga paaralang Lumad at sa iba pang komunidad sa Mindanao kung saan 432,380 indibidwal ang apektado.
Tuloy-tuloy din ang mga pampulitikang pamamaslang sa iba't ibang panig ng bansa, lalo na sa hanay ng mga magsasaka. Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), umabot na sa 134 ang pinapaslang na magsasaka sa ilalim ng administrasyon ni Duterte. Tinataya ring isa(1) magsasaka ang pinapatay kada dalawa (2) araw mula nang magdeklara si Duterte ng all-out war sa rebeldeng NPA.
Ayon sa tala ng grupong Karapatan Alliance for the Advancement of People's Rights, mula Hulyo 2016 hanggang Hunyo 2018, umabot na sa 163 ang bilang ng political killings; 30 dito ay mula sa hanay ng mga manggagawa.

## IV. Pagbalikwas at Paglaban

Sa ikalawang taon ng rehimeng Duterte, hindi nagpasindak ang mga manggagawa sa mga pulis, militar, kapitalista at mga ligal na opensi-ba ng administrasyon tulad mga pagsasampa ng gawa-gawang kaso ng pinagsanib na pwersa ng gobyerno at kapitalista para ilunsad ang magkakasunod na pagkilos, welga at malawakang protesta.

Unang taon pa lamang ng rehimen, bumalaga kay Pangulong Duterte ang mga welga sa plantasyon ng SUMIFRU, fresh Max, Nakashin, Shin Sun kontra tanggalan sa loob mismo ng balwarte ni Duterte sa rehiyon ng Davao. Naging inspirasyon ang mga welgang iyon para kumalat sa buong kapuluan ang iba't-ibang porma ng pagkilos at pag-oorganisa ng mga manggagawa.

Sa Hanjin Philippines sa Zambales, naitayo ng mga manggagawa noong nakaraang taon ang unyon sa labing-walong sub-contractors ng nasabing kumpanya. Layon ng union na magkaroon ng collective

bargaining agreement na inaasahang magpapabuti sa kanilang kalagayan. Kilala ang Hanjin Shipyard  sasunod-sunod na mga aksidente at pagkamatay ng manggagawa, gayundin sa mababang pasahod sa kabila ng dambuhalang kinikita ng nasabing kumpanya.

Nagtayuan na rin ang iba't-ibang unyon at mga samahan ng mga manggagawasa  Bulacan, National Capital Region, Southern Tagalog, gayundin sa Eastern Visayas at CARAGA.

Ngunit mas nagliyab ang pagkilos ng mga manggagawa sa taong 2018 bilang depensa at kontra bigwas sa tuluyang pagtalikod ni G Duterte sa pangakong pagbabasura sa sistemang kontraktwalisasyon at pagpapantay ng sahod sa buong bansa. Humigit kumulang sa 30  mga pagawaan, empresa at lugar paggawa ang naglunsad at naglulunsad ng mga sama-samang pagkilos laban sa kontraktwalisasyon, pagtaas ng presyo at panawagang P750 national minimum wage.

Noong Marso 24, 2018 nagwelga ang mga kontraktwal at tinanggal na mga manggagawa ng Coke Sta. Rosa dahil sa pagtanggi ng kumpanya ipatupad ang kautusang ng DOLE na sila ay i-regular. Pinagtibay ng DOLE na ang kumpnyang Coca Cola ay gumagamit ng ipinagbabawal na labor only contracting.  Matapos ang ilang buwan, tagumpay na naipagwagi ng mga manggagawa ang kanilang kahilingan.

Nasundan pa ito ng welga sa Coke Davao, na bagamat na dinahas, tuloy pa rin ang kanilang laban hanggan sa kasalukuyan. Depensa anila ang welga sa pagkakatanggal ng 70 sa kanila gayundin para itulak ang regularisasyon nila.

Bagama't ginutom at dinahas, nakatindig pa rin ang sitdown strike ng mga kontraktwal na manggagawa ng Middleby. Samantalang bumalik sa pagtatayo sa kubol ang mga manggagawa ng Nutriasia sa Marilao matapos itong marahas na buwagin ng pulisya at mga bayarang goons ng nasabing kumpanya. Nananatiling walang operasyon ang nasabing

pabrika at sinasabing 29 milyong piso ang nawawala kada araw sa Nutriasia dahil sa welga na nagsimula noon pang Hunyo 2, 2018.
Hinarap naman ng mga manggagawa sa sagingan ng multinasyunal na Sumifru, gayundin ang Freshmax at Shin Sun Tropical Fruits sa Compostela Valley ang pananalasa ng militar dahil sa pananakot at pagbabanta sa buhay, at pag-uugnay ng kanilang unyon sa CPP-NPA dahil lamang sa affiliation ng kanilang unyon sa Kilusang Mayo Uno (KMU). Nagsagawa ng pagkilos ang mga manggagawa sa plantasyon sa tapat mismo ng kampo ng Bravo Company ng 66th IBPA sa San Miguel, Compostela, Compostela Valley.

Nagsasagawa rin sa kasalukuyan ng kampuhan ang mga manggagawa sa SLORD Corporationsa Navotas, Jollibee Warehouse sa Paranaque, PLDT, at Monde Nissin para kondenahin ang hindi pagkilala sa kanila bilang regular, sa halip ay tanggalan ang naging ng mga nasabing kumpanya.

Tuloy-tuloy din ang pagkilos ng mga manggagawa sa tulad ng mga; Magnolia at Coke Imus, pawang sa probinsya ng Cavite; mga Janitor ng PUP Main Campus sa Sta. Mesa, Manila, gayundin sa Manila North Harbour; Pearl Island sa Quezon City; Megasoft, Albert Smith at Core Asia sa Valenzuela; Nexperia, SMT, Honda Parts at Alaska sa Laguna; PLLC sa Cebu. Ito ay dahil na rin sa nabanggit na isyu ng tulad ng malawakang tanggalan, kontraktwalisasyon, mababang pasahod at pagbuwag sa unyon.

Bukod sa pagtataguyod ng mga local at sectoral na usapin, niyakap rin ng mga manggagawa ang pakikibaka laban sa tiraniya. Noong Disyembre ng 2017, itinayo ng mga manggagawa, unyonista at tagapagtaguyod ng karapatang pantao ang Workers Resistance Against Tyranny and for Human Rights (WRATH).

Kaya naman inaasahan pa ang mas papalaki at mas papatinding pagkilos ng mga manggagawa kung hindi haharapin ni G. Duterte ang mga

problema sa paggawa.

**Mga Sanggunian:**


De Vera Ben, January 2018. Government outstanding debt in 2017 hits record-high of 6.652 trillion, *URL: http://business.inquirer.net/244982/government-outstanding-debt-weaker-peso-domestic*-borrowings-economy-treasury


Bangko Sentral ng Pilipinas, March 2018. External Debt Ratios Remain at Comfortable Levels in 2017, *URL: http://www.bsp.gov.ph/publications/media.asp?id=4636&yr=2018*

Ibon Foundation, July 2018. PRAYMER Ang tumitinding pasakit ng rehimen, *URL: http://ibon.org/2018/07/ang-tumitinding-pasakit-ng-rehimen/*

Reysio Cruz - Matthew,July 2018. No letup in anti-'tambay' drive: 26,792 arrested, *URL: http://newsinfo.inquirer.net/1006341/no-letup-in-anti-tambay-drive-26792-arrested*

KARAPATAN Alliance for the Advancement of People's Rights, of July 2018. Duterte regime's road to "peace" is all-out war and terror vs the people, *URL: http://karapatan.org/Duterte+regime%E2%80%99s+road+to+%E2%80%9Cpeace%E2%80%9D+is+all-out+war+and+terror+vs+the+people*

Padilla Arndol, June 2018. 'Endo' kings not in DOLE list are Duterte's friends, *URL : http://bulatlat.com/main/2018/06/07/endo-kings-not-dole-list-dutertes-friends/*


May problema ka ba sa iyong trabaho?
Sa tingin mo ba ay nalabag ang iyong karapatan sa trabaho?
BANTAYAN ANG KARAPATAN! MAG TEXT SA:
WORKERS SHOUT!
SMS Helpline
0998-561-3036
KEYWORD<SPACE>
INSIDENTE NG PAGLABAG
<UNDERSCORE>PANGALAN
NG KUMPANYA<UNDERSCORE>
LUGAR NG PANGYAYARI
<UNDERSCORE>
PANGALAN (OPTIONAL)
Hatid sa inyo ng
CENTER FOR TRADE UNION AND HUMAN RIGHTS
CTUHR
ctuhr.org
fb: CTUHR Manila
twitter: CTUHR
pie.ctuhr@gmail.com

Ang **Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR)** ay isang non-government organization na nagdodokumento ng mga paglabag sa karapatang pangmanggagawa at karapatang pantao.

Para sa mga katanungan, suhestiyon o reaksyon, kontakin ang CTUHR sa **411 0256** or sumulat sa **ctuhr.manila@gmail.com**. Maaari rin bisitahin ang **www.ctuhr.org** para sa karagdagang impormasyon.